Pagsusulit sa Araling Panlipunan

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Mga Pangulo ng Pilipinas

A. Panuto: Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Si Benigno S. Aquino III ay ang ika-_____ pangulo ng Pilipinas.
   a. labindalawang
   b. labintatlong
   c. labing-apat na
   d. labinlimang

2. Sino ang pangulong nagdeklara na mapasailalim sa Batas Miliar o *Martial Law* ang Pilipinas?
   a. Corazon C. Aquino
   b. Ferdinand E. Marcos
   c. Joseph Ejercito Estrada
   d. Manuel L. Quezon

3. Kailan ideneklara ang *Martial Law* sa Pilipinas?
   a. June 12, 1898
   b. September 21, 1972
   c. July 4, 1946
   d. February 25, 1986

4. Sino ang kinikilalang unang pangulo ng Republika ng Pilipinas?
   a. Andres Bonifacio
   b. Emilio Jacinto
   c. Emilio Aguinaldo
   d. Jose P. Rizal

5. Sino ang unang pangulo ng Pamahalaang Commonwealth?
   a. Emilio Aguinaldo
   b. Manuel L. Quezon
   c. Sergio S. Osmeña
   d. Jose P. Rizal

6. Sino ang pangulong namatay sa isang aksidente ng eroplanong kanyang sinasakyan?
   a. Ramon D. Magsaysay
   b. Elpidio R. Quirino
   c. Manuel L. Quezon
   d. Manuel A. Roxas

7. Sino ang pangulong lumagda sa batas na nagsasaad ng paglilipat ng petsa ng Araw ng Kalayaan ng Pilipinas sa Hunyo 12 mula sa Hulyo 4?
   a. Ramon D. Magsaysay
   b. Manuel A. Roxas
   c. Carlos P. Garcia
   d. Diosdado P. Macapagal

© 2014 Pia Noche

8. Sino ang pangulong nagtaguyod ng *Filipino First Policy* at nagpasikat ng programang "*Buy Filipino*?"

a. Fidel V. Ramos
b. Carlos P. Garcia
c. Ferdinand E. Marcos
d. Manuel L. Quezon

9. Sino ang naglunsad ng kudeta sa Kampo Aguinaldo kasama si Juan Ponce Enrile noong 1986?

a. Corazon C. Aquino
b. Ferdinand E. Marcos
c. Gloria Macapagal-Arroyo
d. Fidel V. Ramos

10. Sino ang naging pangulo ng Pamahalaang Commonwealth pagkatapos ng digmaan sa pagitan ng mga Amerikano at Hapones?

a. Elpidio R. Quirino
b. Manuel L. Quezon
c. Sergio S. Osmeña
d. Jose P. Laurel

11. Sa termino ng pangulong ito naitatag ang Bangko Sentral ng Pilipinas.

a. Ramon D. Magsaysay
b. Elpidio R. Quirino
c. Manuel A. Roxas
d. Sergio S. Osmeña

12. Sino ang pangulo na napilitang bitiwan ang kanyang posisyon sa Malacañang dahil sa ginanap na *People Power 2* o EDSA Dos?

a. Joseph Ejercito Estrada
b. Ferdinand E. Marcos
c. Corazon C. Aquino
d. Gloria Macapagal-Arroyo

13. Sino ang pangulo na tinaguriang "Ama ng Wikang Pambansa" dahil sa kanyang pagpupunyaging magtatag ng wikang pambansa na base sa Tagalog?

a. Emilio Aguinaldo
b. Diosdado P. Macapagal
c. Manuel L. Quezon
d. Ramon D. Magsaysay

14. Sa simula ng panunungkulan ni Pangulong Corazon C. Aquino, ideneklara niya na ang bansa ay nasa ilalim ng _____.

a. Pamahalaang Commonwealth
b. pamahalaang diktatoryal
c. Batas Militar
d. rebolusyonaryong pamahalaan

15. Sa termino ng pangulong ito naipatibay ang *Parity Rights* na nagbigay sa mga Amerikano ng karapatan na gamitin ang yamang-likas ng Pilipinas.

a. Manuel A. Roxas
b. Manuel L. Quezon
c. Sergio S. Osmeña
d. Ferdinand E. Marcos

16. Sinong pangulo ang tinaguriang “Kampeon ng Masang Pilipino?”

a. Emilio Aguinaldo
b. Corazon C. Aquino
c. Ramon D. Magsaysay
d. Joseph Ejercito Estrada

17. Sino ang pangulo ng Pilipinas noong panahon na sakop ng mga Hapones ang bansa?

a. Manuel L. Quezon
b. Jose P. Laurel
c. Sergio S. Osmeña
d. Elpidio R. Quirino

18. Sino ang kasama ni Heneral Douglas MacArthur pagbalik niya sa Pilipinas noong 1944?

a. Diosdado P. Macapagal
b. Manuel L. Quezon
c. Sergio S. Osmeña
d. Ramon D. Magsaysay

19. Sino ang pangulo na pinili ng *TIME Magazine* bilang isa sa *20 Most Influential Asians of the 20th century*?

a. Corazon C. Aquino
b. Benigno S. Aquino III
c. Gloria Macapagal-Arroyo
d. Joseph Ejercito Estrada

20. Sino ang nanguna sa pormal na proklamasyon ng kalayaan ng Pilipinas mula sa mga mananakop noong ika-12 ng Hunyo 1898 sa Kawit, Cavite?

a. Emilio Aguinaldo
b. Jose P. Rizal
c. Andres Bonifacio
d. Manuel A. Roxas

21. Sino ang pangunahing kritiko ni Pangulo Ferdinand E. Marcos na ipinatay sa *Manila International Airport* noong ika-21 ng Agosto 1983?

a. Benigno S. Aquino, Jr.
b. Rolando Galman
c. Fidel V. Ramos
d. Fabian C. Ver

22. Sino ang pangulo ng Pilipinas noong na-*develop* ang *Miracle rice* ng *International Rice Research Institute (IRRI)*?

a. Ramon D. Magsaysay
b. Ferdinand E. Marcos
c. Elpidio R. Quirino
d. Diosdado P. Macapagal

23. Itinatag niya ang *Presidential Commission on Good Government (PCGG)* na ang layunin ay magsiyasat at gumawa ng paraan upang makuha muli ang perang sinasabing ninakaw ng pamilyang Marcos.

a. Benigno S. Aquino III
b. Corazon C. Aquino
c. Fidel V. Ramos
d. Gloria Macapagal-Arroyo

24. Sino ang pangulong napatunayang nagkasala sa kasong pandarambong (*plunder*) at sinentensiyahan ng habambuhay na pagkakakulong ng Sandiganbayan?

a. Ferdinand E. Marcos
b. Joseph Ejercito Estrada
c. Gloria Macapagal-Arroyo
d. Diosdado P. Macapagal

25. Ilang linggo pagkatapos na hinatulan ng Sandiganbayan ang dating pangulo sa Bilang 24, sino ang pangulo na nagbigay ng *executive pardon* sa kanya?

a. Benigno S. Aquino III
b. Joseph Ejercito Estrada
c. Corazon C. Aquino
d. Gloria Macapagal-Arroyo

26. Sino ang huling pangulo ng Pamahalaang Commonwealth ng Pilipinas?

a. Manuel A. Roxas
b. Ferdinand E. Marcos
c. Sergio S. Osmeña
d. Manuel L. Quezon

27. Sa termino ng pangulong ito ni-ratipika ang Saligang Batas ng 1987 na nagpanumbalik ng sistemang presidensyal at lehislaturang *bicameral*.

a. Corazon C. Aquino
b. Ferdinand E. Marcos
c. Gloria Macapagal-Arroyo
d. Benigno S. Aquino III

28. Kailan ginanap ang *People Power Revolution* o *EDSA Revolution* na nagpatalsik kay Pangulong Ferdinand E. Marcos?

a. January 17-20, 2001
b. February 22-25, 1986
c. February 22-25, 1984
d. January 17-20, 2002

29. Sinong pangulo ang nagsilbi sa kanyang tanggapan nang mahigit na dalawampung taon?

a. Manuel L. Quezon
b. Joseph Ejercito Estrada
c. Ferdinand E. Marcos
d. Gloria Macapagal-Arroyo

30. Sino ang pangulo na lumagda sa *Reponsible Parenthood and Reproductive Health Act* na gumaganrantiya ng pagbibigay ng edukasyong pangkalusugang sekswal, pamamaraan sa pagpipigil sa pagbubuntis, at pangangalaga sa mga babaeng buntis?

a. Joseph Ejercito Estrada
b. Gloria Macapagal-Arroyo
c. Corazon C. Aquino
d. Benigno S. Aquino III

B. Ayusin ang mga pangalan ng mga pangulo ng Pilipinas mula sa una hanggang sa kasalukuyang pangulo.

Sergio S. Osmeña	1. _____
Diosdado P. Macapagal	2. _____
Gloria Macapagal-Arroyo	3. _____
Emilio Aguinaldo	4. _____
Joseph Ejercito Estrada	5. _____
Elpidio R. Quirino	6. _____
Corazon C. Aquino	7. _____
Carlos P. Garcia	8. _____
Manuel L. Quezon	9. _____
Benigno S. Aquino III	10. _____
Ramon D. Magsaysay	11. _____
Fidel V. Ramos	12. _____
Jose P. Laurel	13. _____
Manuel A. Roxas	14. _____
Ferdinand E. Marcos	15. _____

© 2014 Pia Noche

Pagsusulit sa Araling Panlipunan

Mga Pangulo ng Pilipinas (Mga Sagot)

A.

1. d. labinlimang
2. b. Ferdinand E. Marcos
3. b. September 21, 1972
4. c. Emilio Aguinaldo
5. b. Manuel L. Quezon
6. a. Ramon D. Magsaysay
7. d. Diosdado P. Macapagal
8. b. Carlos P. Garcia
9. d. Fidel V. Ramos
10. c. Sergio S. Osmeña
11. b. Elpidio R. Quirino
12. a. Joseph Ejercito Estrada
13. c. Manuel L. Quezon
14. d. rebolusyonaryong pamahalaan
15. a. Manuel A. Roxas
16. c. Ramon D. Magsaysay
17. b. Jose P. Laurel
18. c. Sergio S. Osmeña
19. a. Corazon C. Aquino
20. a. Emilio Aguinaldo
21. a. Benigno S. Aquino, Jr.
22. d. Diosdado P. Macapagal
23. b. Corazon C. Aquino
24. b. Joseph Ejercito Estrada
25. d. Gloria Macapagal-Arroyo
26. a. Manuel A. Roxas
27. a. Corazon C. Aquino
28. b. February 22-25, 1986
29. c. Ferdinand E. Marcos
30. d. Benigno S. Aquino III

B.

1. Emilio Aguinaldo
2. Manuel L. Quezon
3. Jose P. Laurel
4. Sergio S. Osmeña
5. Manuel A. Roxas
6. Elpidio R. Quirino
7. Ramon D. Magsaysay
8. Carlos P. Garcia
9. Diosdado P. Macapagal
10. Ferdinand E. Marcos
11. Corazon C. Aquino
12. Fidel V. Ramos
13. Joseph Ejercito Estrada
14. Gloria Macapagal-Arroyo
15. Benigno S. Aquino III